

Pagkuha ng tulong sa iyong WA Cares account para sa mga benepisyo



Maaari mong ipangasiwa sa isang mahal sa buhay o kinatawan ang iyong aplikasyon o mga benepisyo sa pamamagitan ng pag-sign up sa kanila bilang isang awtorisadong gumagamit. Hindi maaaring bayaran ng WA Cares ang isang awtorisadong gumagamit upang magbigay ng pangangalaga o mga serbisyo sa benepisyaryong kanilang tinutulungan.

MGA URI NG ACCESS

May dalawang paraan upang bigyan ng access ang isang tao na pangasiwaan ang iyong account. Ang mga awtorisadong gumagamit at mga legal na kinatawan ay kapwa makatutulong sa iyo na magsumite ng iyong aplikasyon, sumuri ng mga dokumento at pangasiwaan ang iyong mga benepisyo.

Makatutulong lamang sa iyo ang isang regular na awtorisadong gumagamit sa mga bagay na ito kung bibigyan mo sila ng tahasang tagubilin sa kung ano ang gusto mong ipagawa sa kanila. Maaari mong bigyan ng access ang sinuman upang maging iyong awtorisadong gumagamit. Kung magpasya kang hindi mo na kailangan ang kanilang tulong, maaari mo silang alisin mula sa iyong account anumang oras.

Ang isang legal na kinatawan ay isang uri ng awtorisadong gumagamit na pinapayagan ng batas na gumawa ng mga desisyon para sa iyo. Dapat silang may legal na dokumentasyon, tulad ng guardianship o power of attorney, na nagpapahintulot sa kanilang gumawa ng mga desisyon kahit na wala kang tahasang tagubilin sa kung ano ang gusto mong gawin. Maaari din silang lumagda sa mga form para sa iyo.

MAGDAGDAG NG ISANG TAO MULA SA IYONG ACCOUNT

Ang mga legal na kinatawan at mga awtorisadong gumagamit ay kapwa dapat gumawa ng kanilang sariling WA Cares account para sa mga benepisyo. Kung naka-set up na ang iyong account para sa mga benepisyo, maaari mo itong gamitin upang magdagdag ng isang tao na may alinman sa uri ng access. Kakailanganin mo ang kanilang pangalan, petsa ng kapanganakan at WA Cares ID.

- Sa pahina ng mga setting ng iyong account para sa mga benepisyo, i-click ang tab na “awtorisadong gumagamit” sa menu sa kaliwang bahagi. Pagkatapos ay i-click ang link na “Mag-imbata ng tao na i-access ang iyong account”.
- Pagkatapos i-click ang “Susunod”, magsisimula kang magbigay ng mga detalye tungkol sa iyong awtorisadong gumagamit. Tatanungin ka kung may anumang legal na dokumento ang taong pinapahintulutan mo.
 - Upang i-set up sila bilang isang legal na kinatawan, piliin ang “Oo, may legal na dokumentasyon ang isa sa amin.” I-upload ang iyong dokumentasyon at piliin ang uri ng dokumento, tulad ng pangangalaga o power of attorney.
 - Upang i-set up sila bilang isang regular na awtorisadong gumagamit, piliin ang “Hindi, kapwa kaming walang legal na dokumentasyon.” Pagkatapos ay dadalhin ka sa isang DocuSign form upang elektronikong lumagda at kumpletuhin ang kahilingan. Ibabalik ka sa dashboard ng iyong account para sa mga benepisyo at makikita ang kumpirmasyon na naipadala na ang iyong kahilingan.
- Makakatanggap ng imbitasyon ang iyong legal na kinatawan o awtorisadong gumagamit sa kanilang account para sa mga benepisyo, kung saan maaari nila itong tanggapin o tanggihan. Mayroon silang 30 araw upang tumugon bago ito mapaso.
- Kapag tinanggap nila ito, maaari nilang pangasiwaan ang iyong account para sa mga benepisyo sa ilalim ng mga setting o sa pamamagitan ng pagpili sa iyong pangalan mula sa dropdown menu sa itaas na kanang bahagi ng dashboard ng kanilang account.

MAGPAGAWA SA ISANG TAO NG IYONG ACCOUNT

Maaari ring gumawa ang isang legal na kinatawan ng account para sa mga benepisyo para sa iyo kung wala ka pa nito. Pagkatapos nilang gumawa ng kanilang sariling account, kukumpletuhin nila ang isang form kasama ang kanilang legal na dokumentasyon at pangunahing impormasyon tulad ng iyong pangalan, petsa ng kapanganakan at address.

- Magsisimula sila sa pamamagitan ng paggawa ng kanilang sariling WA Cares account para sa mga benepisyo.
- Pagkatapos ma-set up ang kanilang account, kukumpletuhin nila ang isang form kasama ang kanilang legal na dokumentasyon at pangunahing impormasyon tulad ng iyong pangalan, petsa ng kapanganakan at address.
- Manu-manong gagawin ng isang miyembro ng koponan ng WA Cares ang account para sa benepisyaryo at iuugnay ang awtorisadong gumagamit sa account.
- Maaari nilang pangasiwaan ang iyong account para sa mga benepisyo sa ilalim ng mga setting o sa pamamagitan ng pagpili sa iyong pangalan mula sa dropdown menu sa itaas na kanang bahagi ng dashboard ng kanilang account.
- Kung nag-a-apply ka para sa mga benepisyo, maaari nilang simulan ang iyong aplikasyon sa pamamagitan ng pagpili na mag-apply para sa benepisyo bilang benepisyaryo.

Kung kailangan mo ng tulong sa pag-set up ng iyong account ngunit walang sinumang may legal na dokumentasyon na makatutulong sa iyo, maaari kang makipag-ugnayan sa amin.

MAG-ALIS NG ISANG GUMAGAMIT MULA SA IYONG ACCOUNT

- Sa mga setting ng iyong account para sa mga benepisyo, maaari kang mag-alis ng awtorisadong gumagamit sa ilalim ng seksyong "Sino ang maaaring mag-access ng iyong account". Maaari ding alisin ng mga awtorisadong gumagamit ang kanilang sarili sa pamamagitan ng kanilang sariling account para sa mga benepisyo.
- Kung nais mong mag-alis ng isang legal na kinatawan mula sa iyong account para sa mga benepisyo, kakailanganin mong magsumite ng isang pormal na kahilingan sa pag-alis. Upang simulan ang iyong kahilingan, makipag-ugnayan sa amin upang humingi ng tulong mula sa isang miyembro ng koponan ng WA Cares.

MAKIPAG-UGNAYAN



TELEPONO

844-CARE4WA (844-227-3492)



EMAIL O CHAT

wacaresfund.wa.gov/contact

May magagamit na tulong sa wika. Maaari ka ring mag-log in sa iyong WA Cares account para sa mga benepisyo at magpadala sa amin ng ligtas na mensahe.